# Palalimin ang Iyong Pag-unawa sa Sumpa at Tipan ng Priesthood

## Pababanalin sa pamamagitan ng Espiritu para sa pagpapanibago ng kanilang mga katawan (tingnan sa talata 33)

Sa pagsasalita tungkol sa pangako ng Ama sa Langit, ipinaliwanag ni Pangulong Henry B. Eyring ng Unang Panguluhan:



> Nakita ko ang katuparan ng pangakong iyon sa buhay ko mismo at sa buhay ng iba. Isang kaibigan ko ang naging mission president. Sinabi niya sa akin na pagkatapos ng bawat araw noong naglilingkod pa siya, na hindi pa siya nakakapanhik para matulog sa gabi ay iniisip na niya kung magkakaroon siya ng lakas para harapin ang bukas. At kinaumagahan, nakikita niyang nanunumbalik ang kanyang lakas at tatag ng kalooban. Nakita ninyo ito sa buhay ng matatandang propeta na tila nag-iibayo ang sigla sa tuwing tatayo sila para magpatotoo tungkol sa Panginoong Jesucristo at sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Pangako ito sa mga taong sumusulong nang may pananalig sa kanilang paglilingkod sa priesthood. (Henry B. Eyring, "Pananampalataya at ang Sumpa at Tipan ng Priesthood," *Liahona*, Mayo 2008, 62)

## Maging matapat sa pagtatamo ng Aaronic at Melchizedek Priesthood (tingnan sa talata 33)

Ang pagiging tapat sa "pagtatamo ng dalawang pagkasaserdoteng ito" (Doktrina at mga Tipan 84:33) ay kinapapalooban ng pagtatamo ng kapangyarihan at mga pagpapala na nagmumula sa pagtanggap sa mga ordenansa ng Aaronic at Melchizedek Priesthood at matapat na pagtupad sa mga kaugnay na tipan. Itinuro ni Propetang Joseph Smith na natatamo ng isang tao ang kaganapan ng priesthood "sa pamamagitan ng pagtupad sa lahat ng utos at pagsunod sa lahat ng ordenansa ng bahay ng Panginoon" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 491).

Para sa kalalakihan, kabilang din dito ang pagkakaroon ng priesthood na iginawad sa kanila at pagkaorden sa mga katungkulan sa priesthood.

## Pagtupad sa ating mga tungkulin (talata 33)

Doktrina at mga Tipan 58:27–28; 107:99–100

## Mga pagkakataong tumanggap ng mga tungkulin at makibahagi sa gawain ng kaligtasan ng Panginoon

Itinuro ni Pangulong M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol:



> Sa pagtupad natin sa ating mga tungkulin, dapat nating hangarin ang inspirasyon ng Espiritu sa paglutas ng mga problema sa mga paraang higit na makatutulong sa mga taong pinaglilingkuran natin. Mayroon tayong mga hanbuk ng tagubilin, at dapat sundin ang mga tuntunin ng mga ito. Ngunit sa loob ng framework na iyan ay naroon ang mahahalagang pagkakataong mag-isip, maging malikhain, at gamitin ang mga talento ng mga indibiduwal. Ang tagubilin na tuparin ang ating mga tungkulin ay hindi isang utos na dagdagan at gawing kumplikado ang mga ito. Ang pagbabago ay hindi nangangahulugang pagpapalawak; kadalasan ang ibig sabihin nito ay pagpapasimple. (M. Russell Ballard, "O Be Wise," *Liahona*, Nob. 2006, 19)

## Lahat ng mayroon ang Ama sa Langit (tingnan sa talata 38 )

Doktrina at mga Tipan 76:55–60; 81:6

Ibinahagi ni Elder Ronald A. Rasband ng Korum ng Labindalawang Apostol:



Ang kaalamang mayroon tayong Ama sa Langit at na si Jesucristo ang Kanyang Bugtong na Anak ay nangangahulugan na mas tumitingin tayo sa landas ng tipan kaysa sa kung saan lang tayo nakatayo ngayon. Ibig sabihin nito ay pinahahalagahan natin na tayo ay mga tagapagmana ng lahat ng mayroon ang Ama; ang mga kahariang di-mabilang ay Kanya at maaaring mapasaatin. Ipinangako ng Tagapagligtas, "Kung ikaw ay matapat hanggang sa huli ikaw ay magkakaroon ng putong ng kawalang-kamatayan, at buhay na walang hanggan sa mga mansiyong aking inihanda sa bahay ng aking Ama." (Ronald A. Rasband, "The Divine Destiny of His Daughters" [BYU Women's Conference, Abr. 30, 2021], broadcasts.ChurchofJesusChrist.org)

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_302-1